# 1

Shine has no intention of snooping. Hindi niya gustong makilala ang kaaway ng kanyang Kuya Light. Pero sa di-sinasadyang pagkakataon, sa dami naman ng lugar na hindi niya inasahang makita si Jasper Rayne Bunag, nakatabi pa niya ito ng puwesto sa *Apollo Net*—ang internet café na malapit sa dormitoryo ng classmate niya sa Legarda.

Jasper came in with four other guys. Despite their free-style attire—t-shirts and jeans—nahulaan ni Shine na classmates ng lalaki ang mga kasama dahil sa naging project discussion ng lima. Maliwanag din na si Jasper ang project leader. Hindi sinasadyang nakapakinig siya sa pag-uusap ng lima, kasali ang ilang impormasyon ukol sa binata. She didn't want to pry but she couldn't cover her ears either. Sinikap na lamang niyang huwag maging obvious sa pagsulyap sa grupo.

Taliwas sa inakala ng kanyang Kuya Light na tambay lang si Jasper, isa pala itong Architecture student ng *Mapua*. Third year college ang binata. Narinig din ni Shine sa isang classmate nito na successful architect ang ama ng lalaki at negosyante

naman ang ina. Nakatira ang binata sa isang magandang subdivision sa Makati.

Hindi pala puwedeng maliitin ng Kuya Light niya ang kaaway nito!

Kabaligtaran sa mga kuwento ng kapatid, hindi naman mayabang si Jasper. Ito pa nga ang pinakatahimik sa grupo. Sa wari ni Shine, ito ang tipo na pinag-iisipan muna ang mga sasabihin bago magsalita.

May hitsura din ang karibal ng kuya niya. Matangkad ito, nasa 5’7” ang height. Kahit may pagkamoreno, matangos ang ilong nito at maganda ang mga labi, tipong kissable. Hanggang balikat ang buhok ni Jasper pero hindi ito mabahong tingnan. On the contrary, napakabango nito.

Nauna mang dumating si Shine sa *Apollo Net* ay nauna pa ring umalis sina Jasper at ang mga kaklase nito. Wala pa kasi ang kaibigan niya na si Beverly. Papasok sila para sa 3 p.m. class nila sa *CEU* Mendiola. Bawal ang bisita sa dormitoryo ng classmate niya kaya sa internet café siya tumambay.

Naiinip na si Shine, mag-iikalawa pa lang ng hapon. Hindi niya na-check ang panghapong schedule kaya napaaga siya ng daan kay Beverly.

Sa Sta. Mesa pa ang bahay niya at ayaw niya nang bumalik.

Shine considered playing *DotA* but she was still in her school uniform; sa tingin niya ay inappropriate iyon. Hindi pa rin niya nasubukang maglaro nang mag-isa at hindi kasama ang kanyang Kuya Light. Nagkasya na lamang si Shine na mag-*FB* habang hinihintay si Beverly. Nai-text na naman niya ito kung nasaan siya.

Bigla, isang nakaka-panic na alert tone na sirena ng ambulansya ang nakapagpatayo kay Shine mula sa kinauupuan!

Kaagad na hinalungkat niya ang shoulder bag. Sinulyapan na siya ng ilang naistorbong customers—mga binatang naglalaro at mga estudyante ring katulad niya. Pero hindi naman pala sa cellphone niya nanggagaling ang ingay.

Napatingin si Shine sa katabing silya na pinwestuhan kanina ni Jasper. Isang magandang modelo ng cellular phone ang nakita niya roon. Iyon ang gumagawa ng ingay.

Without thinking, Shine reached for the phone to turn off its alarm. Noon dumantay sa kanyang braso ang kamay ng isang lalaki, pinipigilan siya.

"Sorry," nakangiting sambit ni Jasper. Apologetic ito. "That's my phone. Naiwan ko lang."

Kinuha nito ang naiwang cellphone at pinatay ang alarm. Pero nanatili sa braso niya ang isang kamay ng binata; hindi naman mahigpit kundi nakaalalay lang.

Na-conscious si Shine sa hawak nito. Napakainit ng palad ng lalaki—malambot, tipong pangmayaman pero malakas. Kaagad siyang pinawalan ng binata nang ma-realize na hawak pa rin siya nito.

"Sorry," paumanhin ni Jasper. "I didn't mean—"

"O-okay lang," nahihiyang pakli ni Shine. She suddenly felt weird talking to him. Hindi siya sigurado kung iyon ay dahil sa kakaibang pakiramdam niya nang hinawakan siya nito o dahil sa guilt dahil parang nag-eespiya siya rito. Isang bagay lang ang sigurado, gusto na niyang umalis sa lugar na iyon.

"Umm... sige," nasabi lang ni Shine. Sana hindi halata ang pagpa-panic niya. Sinulyapan niya ang nakatao sa internet café. "Out na po ako, Kuya. Magkano po?"

Hindi na niya tiningnan pa si Jasper. Kinolekta niya ang kanyang mga libro sa ibabaw ng computer table. Eksaktong aabutin niya ang kanyang shoulder

bag sa silya nang matabig niya iyon. Natapon ang lahat ng laman niyon sa sahig!

Hiyang-hiya si Shine. Lalo pa nang tulungan siyang magpulot ni Jasper. Mabilis na naiabot ng lalaki sa kanya ang mga gamit niya—ang kanyang library card, wallet, cellphone, lipstick, pulbos, etcetera. Hinablot niya ang bawat hinawakan nito. Pero hindi niya naagaw sa binata ang reserba niyang sanitary napkin.

“What is this? Tissue... oops, feminine pad pala!” Si Jasper naman ang napahiya nang ma-realize nito kung ano ang nadampot.

Pulang-pula ang mukhang kaagad na sinunggaban niya iyon. “Salamat.” Lalong hindi siya makatingin sa lalaki.

Matapos maiayos ang mga gamit, walang imik na dumiretso siya sa nakatao sa internet café. Nagbayad siya ng renta at walang lingong lumabas ng computer shop.

—————

Naiwang nakatulala si Jasper. Naguluhan siya nang husto. Napabaling siya sa mga estudyante at mga naglalaro sa lugar na iyon. Karamihan sa mga ito ay mga nakatingin din sa lumabas na *CEU* student.

Noon pa lamang siya napapasok sa internet café na iyon at nahila lang siya ng mga kaklase. Pero ngumiti ang mga customers na para bang kilala siya ng mga ito.

“Type ka n’un,” sabi ng isang estudyanteng binabae na pinakamalapit sa kanya. Nakauniporme ito ng *FEU*. “No doubt about it.”

“Unfortunately, *wa* siyang poise,” pakikisali ng babae na kasama ng bading. “Sayang, ang ganda pa naman.”

“Nataranta yata sa kapogian mo, ’tol!” sabi naman ng nakatao sa internet café. “Kilala ko ’yun. May kaklase siya na nakatira malapit dito. Sunshine yata ang pangalan niya.”

“Sunshine,” pakikisali uli ng babaeng taga-*FEU*. “Bagay na bagay sa kanya ang pangalan niya. Nakakasilaw kasi sa puti!”

“Ay, Kuya, kapag nagkatuluyan kayo, para kayong mocha at gatas… Ahahay!”

Ngumiti lamang si Jasper sa mga kausap. Kumilos na rin siya paalis. Sa puntong iyon, napansin niya ang hawak niya. School ID iyon ng estranghera na nakalimutan niyang ibigay sa dalaga sa sobrang pagmamadali nito.

———————

Bad trip si Shine nang makauwi ng bahay nang hapong iyon. Partial lang ang kasalanan ng Kuya Light niya, pero dito siya inis na inis. Nawawala kasi ang school ID niya at hindi siya pinapasok ng guwardya. Sa kabila ng pagmamakaawa dahil may naka-schedule siyang long test, hindi siya pinagbigyan ng security guard ng eskwelahan. Aba'y magpa-affidavit daw muna siya? *Anak ng–!*

Walang nagawa si Beverly kundi iwanan siya sa gate ng *CEU*. Siya naman ay umuwi na lang.

Naabutan ni Shine ang Kuya Light niya sa sala kasama ng kabarkada nitong si Ericson. Inangilan niya ito kaagad.

"This is all your fault. Failed na ako sa exam. Singko! Naghahabol pa naman ako ng grades. Kasalanan mo dahil nakilala ko ang taong 'yun. Nakatabi ko siya sa *Apollo Net* kanina. Ninerbiyos ako dahil alam kong kaaway mo siya. Nahulog ang mga gamit ko sa sahig. D'un ko yata nawala 'yong ID ko. Sigurado akong d'un ko nahulog dahil sure ako na inilagay ko 'yun sa bag ko kanina! Kasalanan mo, Kuya! Idinadamay mo ako sa mga kaaway mo. Isusumbong kita kina Mommy at Daddy! Tatawag ako mamaya!"

Dere-derecho sa pagsasalita si Shine, hindi pinasingit ang kapatid o kahit si Ericson. Inasahan niyang magso-sorry ang kuya niya, pero litong ngumiti lamang ito; halatang hindi naintindihan ang mga sinabi niya.

Tinitigan ng dalaga ang kapatid. Napabuntong-hininga siya. Kahit inis kay Light, alam niyang matutulungan siya nito. Nag-decide si Shine na huwag na itong awayin.

"Kuya, ano ang gagawin ko? Hindi na ako makakapasok ng school."

"Yes, ganyan nga, bunso. Konting hinahon," nakangiting pakli nito. "ID lang 'yan. Madalas kong maiwala ang school ID ko dahil mas pasaway ako. Huwag kang mag-alala. Huwag ka na ring tumawag kina Mommy at Daddy. Gutom lang 'yan."

Inalalayan si Shine ng Kuya Light niya paupo sa sofa. "Relax ka lang dito, ipaghahanda ka namin ni Soni ng merienda."

"Babantayan ko na lang si Sunshine dito," maagap na suhestyon ni Ericson. "Baka kailangan niya ng crying shoulder."

*Crying shoulder daw? Yuck!* naisaloob niya. Coming from Ericson, naging corny iyon para sa kanya.

"Walang ganyanan, pare," tugon naman ni Light sa kaibigan. Seryoso ang tono nito bagaman nakangiti pa rin. "Tumigil ka dyan dahil off limits pa ang kapatid ko... lalo na sa mga kabarkada ko."

"Well then, sasamahan na kita," napahiyang sagot ni Ericson. Napapakamot sa ulo na sumunod ito kay Light sa direksyon ng kusina.

Nagkunwari naman si Shine na hindi narinig ang pinag-usapan ng dalawa. Ipinikit niya ang mga mata matapos isandig ang likod sa malambot na sofa.

Laging nagbibiro si Ericson sa mga romantic nonsense nito sa kanya, pero seryoso ito. Umamin na ito minsan sa kanya at hindi niya iyon nagustuhan.

Mabait naman ang binata, may hitsura rin. Mayaman pa. Ang kaso, kaibigan lamang ang tingin ni Shine sa kabarkada ng kanyang kuya.

Siguro naman, dahil sa derechahang pangbabara ng Kuya Light niya ay didistansya na sa kanya si Ericson. Hopefully.

"October 18 ngayon," bungad sa kanya ni Light sa pagbabalik nito dala ang isang tray ng chips at softdrinks. Sadyang gusto nitong makalimutan muna niya ang problema tungkol sa ID.

"Start na ng palistahan sa *Eutopia Net*. Sasali ba tayo, *Shane*?"

Kahit tinatamad lumabas ay napaoo na rin si Shine. After all, sa *DotA* gameplay, siya si *Shane0112* – isa sa pinakamagaling sa team nila na tinawag nilang *Liwanag*.

Sa sobrang excitement, nakalimutan na ni Shine na banggitin sa Kuya Light niya na si Jasper ang nakita niya sa internet café.

# 2

"Ikaw si *Shane*?"

"Shine po," tugon niya sa nagre-register ng mga maglalaro para sa annual tournament ng *Eutopia Net*. "Shine as in Sunshine po."

"Pero sa listahan na isinubmit ni Light, *Shane* ang nakasulat."

"*Shane0112* po kasi username ko," tugon ni Shine. *Baliw kasi ang kuya kong 'yon! Nalimutan na yata ang tunay kong pangalan sa sobrang kaatatan sa paglalaro,* gusto pa sana niyang idagdag. Pero, sa halip…"Sige po," sabi na lang niya sa dalagang nagrerehistro. "Ayos lang po na *Shane* na lang ang i-register n'yo sa pangalan ko."

Kasabay ng pag-abot niya ng registration fee niyang three hundred pesos sa babae, inakbayan siya ng Kuya Light niya na sumulpot mula sa kanyang likuran.

"Mas okay ang *Shane*, di ba?" tanong nito sa nagre-register.

Halatang kinilig ang dalaga nang kindatan ito

ni Light. Marami ang nagsasabing guwapo raw ang kuya niya. Pero ang alam ni Shine, bolero lang ito.

Tatlong taon na silang sumasali sa taunang *DotA* Tournament ng *Eutopia Net*—isang malaking internet café sa Makati. Hindi pa sila nanalo roon kahit minsan. Mabuti na lang, marami sa magagaling na players ang narinig nilang nagretiro na sa paglalaro. Mas malaki ang chance nilang manalo sa taong iyon.

Sampung teams lamang ang puwedeng sumali sa annual tournament na iyon. Sa loob ng limang Sabado ay limang grupo ang mapipili base sa kanilang pagkapanalo. Maglalaban-laban ang limang teams sa loob ng susunod na limang Sabado, hanggang sa isang grupo na lang ang matira. Ang mananalong team ay makakatanggap ng ten thousand pesos plus recognition sa *Eutopia Net*.

Pinalad na mapasali sa tournament ang *Liwanag*. Nabunot din sila para sa elimination round nang gabing iyon. Samantalang hindi pa ina-announce kung anong oras maglalaro ang grupo nina Shine laban sa *Scorpions* ay lumabas muna sila ng internet café.

Anim silang nagpalista para sa team nila pero lima lamang ang maglalaro. Karaniwang nanghahatak ang Kuya Light niya ng isang kakilala bilang reserba.

Pamilyar na kay Shine ang mga kakampi: si Ericson ay best friend ng kuya niya at kalaro na nila mula pa pagkabata, ang magnobyong Sean at Carol na mga kapitbahay nila sa Sta. Mesa. Si Jimmy, ang isinamang reserba ni Light, ay kaklase nito sa *TIP*.

Nang magsindi ng sigarilyo ang Kuya Light niya at ang kaklase nitong si Jimmy ay kumilos muna si Shine paalis. Isasama sana niya si Carol ngunit busy ito sa boyfriend na si Sean.

"O, saan ka naman pupunta, *Shane*?" himig-biro ng kapatid, idinidiin ang nickname niya sa *DotA*. "Baka tawagin na tayo."

Dapat talaga ay *Shine0112* ang gagawin niyang pangalan sa *DotA* noong una siyang naglaro, nickname niya saka birth date. Kaso, dahil sa pangungulit ng Kuya Light niya, *Shane0112* ang nai-type niyang pangalan. Naging joke na ang kanyang username magmula noon.

Ang pangalan ding '*Shane*' ang nakilala ng maraming *DotA* players na isa sa pinakamagaling na kakampi ng Kuya Light niya. Hindi pa siya naging reserba lang nito kahit kailan.

"Bibili lang ako ng mineral water," alibi ni Shine. Ang totoo, gusto lang talaga niyang umalis. Ayaw

niyang nakakaamoy ng sigarilyo. Nagsawa na siya sa pagsaway sa kapatid ukol sa issue na iyon. Sadyang matigas ng ulo ni Light.

"Sasamahan na kita, Shine," alok ni Ericson.

"Huwag na, Soni," nakangiting tugon niya. Halos patakbo niyang iniwan ang grupo bago pa man makakilos ang best friend ng kuya niya na magtatangka sanang sundan siya kung hindi lang pinigilan ni Light sa balikat.

Ang totoo niyan, nitong nakakaraan, sa tuwing magtatagpo ang mga landas nila ni Ericson ay nababahala at naiinis na siya sa binata. Bakit ba ang kulit nito? Bakit ba hindi ito makahalata?

Sa isang convenience store papunta si Shine. May dalawang bloke ang layo nito mula sa *Eutopia Net*. Sadyang malamig na ang gabi. Oktubre na kasi.

Eksaktong inaayos ni Shine ang hood ng kanyang jacket sa kanyang ulo nang mamataan niya sa kasunod na bloke si Jasper. May kasama itong apat na lalaki, mga kasama sa grupo nitong tinatawag na *Stormtroopers*. Wala siyang kilala sa mga iyon. Noon lamang niya nakita ang mga mukha ng mga kakampi ng binata.

Makakasalubong ni Shine ang grupo. Instinct

niya ang umatras sa pagkaalala sa encounter nila ni Jasper nang hapong lumipas. But Shine did not want to be obvious. Itinungo na lamang niya ang ulo sa pagsalubong niya sa team ni Jasper. She heard their conversation at nalaman niyang sumali rin pala ang mga ito sa tournament.

Hindi malinaw sa kanya kung paano nakaaway ni Light si Jasper. Nalaman lamang niya kay Carol ang mga nangyari. Noong nakaraang buwan, nakabangga ng kuya niya si Jasper sa isang computer shop na malapit sa eskwelahan ng kapatid. Ayon kay Carol, nagkaroon daw ng misunderstanding sa reservation ng puwesto ang kakampi ni Jasper at ang dati nilang kagrupo na si Bobby. Nag-away ang dalawa dahil parehong atat nang maglaro, hindi nakuhang magbigayan. Nadawit na lamang ang kuya niya at si Jasper dahil sa mga teammates nito.

Naging personal ang away nina Light at Jasper nang magkahamunan sa laro. Dapat sana ay nai-settle iyon nang maayos pero gumamit daw ng cheat iyong Boyet na kagrupo ni Jasper. Doon naasar nang husto ang Kuya Light niya. Nasuntok ng kuya niya ang nandaya at muntik nang magrambulan ang dalawang team kung hindi pumagitna ang may-ari ng internet café. Parehong na-ban ang grupo nina Light at Jasper sa computer shop na iyon.

———————

Muntik nang mabitawan ni Shine ang kanyang bottled water paglabas niya ng convenience store. Nakasalubong ba naman niya uli si Jasper! Hindi na niya naitago ang mukha sa pagkakataong iyon.

"Ikaw 'yun!" Mukhang nasorpresa rin ito pagkakita sa kanya.

"Hindi kita kilala!" Mabilis siyang kumilos paalis; nag-aalala na may makakita sa kanilang magkausap.

"Hindi! Ikaw nga 'yun," habol sa kanya ng binata. "Sunshine Mirandilla ang pangalan mo, di ba? Nasa akin ang ID mo."

"Talaga?" Awtomatikong napaamin siya dahil sa pagkabanggit sa nawawala niyang ID.

"S'abi ko na nga eh." Triumphant ang tono ni Jasper. "Bakit sinabi mong hindi mo ako kilala? At bakit nagpa-panic ka sa akin. Type mo nga ba ako? Well, wala akong girlfriend at the moment…"

Pinamulahan si Shine, naantipatikuhan sa kaharap. Hindi siya makapaniwala sa mga narinig dito. "Hindi ako interesado sa 'yo," madiin niyang sagot. "Talaga namang hindi nga kita kilala, di ba?

Pero nakita kita kanina." Sa kabila ng inis, sinikap niyang tingnan nang derecho ang mga mata nito. "Puwede ko na bang makuha ang ID ko?"

"Hindi ko dala ngayon." Kinindatan siya ni Jasper. "Pero, kung makikipagkita ka sa akin sa *Leony's* bukas, ibibigay ko sa 'yo."

Ang *Leony's* ay isang pizza house na malapit sa eskwelahan niya.

*Like a date?* Sa tingin ba nito ay ganoon siya ka-easy? OMG, napakahangin pala ni Jasper Rayne. Guwapo man ito ay parang na-turn off na si Shine. Ayaw niya sa mga lalaking masyadong forward.

"Hindi bale na lang," mabilis na tanggi niya. *A-hole*, gusto niyang idagdag. "Mauna na ako—"

"Sandali."

Sa kabiglaan ng dalaga ay hinawakan ni Jasper ang isa niyang kamay. Napamaang siya. Kaagad na pinaigkas niya ang kamao. Sumapol iyon sa pisngi ng kaharap.

Napanganga ang lalaki sa pagkakatitig sa kanya. Hindi nito inasahan ang ginawa niya.

"Manyakis!" bulalas ni Shine.

Nasalubong niya ang inosenteng mga mata ni Jasper. For some reason, she felt guilty. Parang mali ang kanyang ginawa. But what's done is done.

Dali-daling humakbang paalis si Shine. Nagkataong may tumigil na taxi kaya sumakay na siya roon. Saka naman niya naalala na may laban pa sila ng teammates niya laban sa *Scorpions*.

—————

Sa panig ni Jasper, napa-wow siya sa ginawang panununtok ni Shine. Bihira siyang makatagpo ng isang babaeng feisty.

Napahiya rin siya sa sarili. Nagmistula siyang jerk sa dalaga. Malay ba naman niyang hindi ito katulad ng karaniwang babaeng nakakatagpo niya? Madalas kasi ay gumagana naman ang mga pick-up lines niya.

Tumuloy siya sa loob ng convenience store para bumili ng isang pakete ng sigarilyo. Lumabas din siya kaagad para doon magsindi. Sobrang na-tense siya kay Sunshine.

She was wearing hooded jacket and denim jeans. Naka-rubber shoes din ito, taliwas sa pagka-feminine ng dalaga sa suot na puting uniporme nang una niya itong nakita. Pero hindi pa rin naman

naitago ang delicate na ganda ni Sunshine. Sa ikalawang pagkakataon, para siyang nabato-balani sa pagkakatitig sa mga mata ng dalaga. Jasper adored her long lashes. The girl's nose and lips were just so perfect. And her flawless skin? Agad niyang sinawata ang sarili nang i-picture niya ang seksing katawan ng dalaga na napakaputi.

Natigil sa pag-iisip si Jasper sa pagkakatanaw sa best friend niyang si Derek. Malapad ang pagkakangiti nito.

"Hala, nariyan ka pala!" Si Derek. "D'yan ka pala nagtatago."

Pinagsindi niya ito ng sigarilyo. "Ano na ang balita?"

"Muntikan nang hindi makapaglaro ang paborito mong team, ang *Liwanag*. Nawawala kasi ang isa sa star player nila, si *Shane* ba 'yun?"

"Hindi ko kilala ang teammates ni Dilim," tugon ni Jasper sa pagitan ng paghithit ng sigarilyo. *Liwanag* ang username ni Light pero private joke nila na tawagin itong 'Dilim.' "At hindi ko paborito ang mga 'yon. Nakapaglaro din ba sila?"

"Yep, may reserba. Pero dapat nakita mo ang mukha ni Dilim. Asar na asar. Kahit n'ung nanalo

sila sa elimination round, galit pa rin. Kawawa naman ang *Shane* na 'yun."

"Well, problema na nila 'yun. Kailan pala tayo naka-schedule?" usisa niya.

"Sa second Saturday pa ng November."

"Tagal pa. Hindi na ako makapaghintay!"

"Huwag kang mag-alala, pasok na ang *Liwanag* sa final five. Ilalampaso natin sila. Hindi na sila makakaabot sa kasunod na round."

Habang napangiti sa ideya si Derek, si Jasper naman ay nanatiling pormal. Magiging kasiyasiya ang pagtalo nila kay Light at sa grupo nito. Sisiguraduhin niyang mapapahiya ang lalaki at lulunukin nito ang kayabangan nito.

—————

Light was so pissed off with her, and Shine couldn't blame him. Muntik na silang hindi makapasok sa final five ng tournament dahil sa pag-aabandona niya.

Kasalanan kasi ng Jasper na iyon.

Sobrang ginulo ng binata ang utak niya nang nagdaang gabi. Hindi maalis sa isip niya ang pangpi-

flirt nito sa kanya at pinalala pa iyon ng inosenteng ekspresyon nito matapos niyang sapukin. Nagkaroon tuloy siya ng ideya na interesado sa kanya si Jasper. At apektado siya dahil…

So what, kung medyo naging interesado rin si Shine kay Jasper? Posibleng sa looks lamang ng binata siya na-attract .

The guy was looking really cool in his white T-shirt and faded jeans last night. Nagmistula itong isang rockstar. Naka-pony tail ang buhok ng lalaki na nag-emphasize sa pangahan nitong mukha.

Jasper seemed perfect. Mabuti na lang, sa panglabas na kaanyuan lang. Na-turn off na siya sa kaderechahan nito. Okay na rin; kung nagkataong mabait din ito at hindi mayabang, baka nagkaroon pa siya ng panibagong problema.

Hindi inaasahan ni Shine na muli niyang makakatagpo ng landas si Jasper. Lunes na Lunes iyon, sa labas ng eskwelahang kanyang pinapasukan.